# Ako ay naliligo at ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa isang lagayan ng tubig,nagsasalungat ang mga kamay namin dito,[dahil sa pagligo] mula sa pagiging junub

Ayon kay `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya.-(( Ako ay naliligo at ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa isang lagayan ng tubig,nagsasalungat ang mga kamay namin dito,[dahil sa pagligo] mula sa pagiging junub)) At sa isang salaysay: (( At nagsasalubong)

[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Habba`n - Napagkaisahan ang katumpakan]

Ikinikwento ng ina nating si `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya.- na siya ay sumabay sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagligo ng tubig na mayroon sa nag-iisang kinalalagyan nito,upang matanggal ang malaking dumi [Hadath Al-Akbar],at ito ang Junub.Tulad ng paglalarawan sa itsura ng pagsabay sa sinabi niyang: "nagsasalungat ang mga kamay namin dito" ibig sabihin ay ipapasok ko ang kamay ko sa lalagyanng isang beses upang sumandok rito,at ipapasok niya ang kamay niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa lalagyan ng isang beses upang sumandok rito,tulad ng dumating sa salaysay ni Imam Al-Bukhariy,ayon kay `Ā’ishah-na siya ay nagsabing:"Ako ay naliligo at ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa isang lagayan ng tubig,sumasandok kaming lahat rito"At ang sa salaysay ni Ibn Habban na ikalawa: Dumating ito sa maselang pagpapaliwanag sa larawan ng pagsabay na ito sa pagligo.At ito ay sa sinabi niyang: " At nagkakasalubong" Ibig sabihin ay: ang mga kamay;Ibig sabihin ay nagkakasabay sa oras ng pagkuha at pagsandok sa lalagyan.At sa salaysay na ito; Katotohanang ang mga kamay ay nagkakasalungat sa ilang beses na pagsandok at nagkakatagpo ang bawat isa nito



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee